

PROLOGUE

Dapat ay masarap ang tulog ni Anna. Taliwas sa kinalakhan, ngayon ay malambot ang kamang hinihigaan niya. Malamig ang silid sanhi ng hangin na ibinubuga ng air-con. Tahimik pa ang paligid, hindi kagaya noon na rinig na rinig niya ang ugong ng mga sasakyang nagdaraan sa kalye nila. Pero sa kabila ng mga ito ay hindi siya dalawin ng antok. Nagsawa na siya sa kabibiling sa kama. Sumasakit na rin ang ulo niya sa pagpipilit na makatulog.

Iniligid niya ang paningin sa silid na inookupa niya sa tinutuluyang townhouse. Matagal-tagal na siyang sanay sa ganoong pamumuhay. Hindi na naninibago ang katawan niya sa karangyaan. Pero bakit ngayon ay para na naman siyang namamahay? Parang noong una siyang makatikim ng buhay-mayaman.

Alam niya, si Luis ang dahilan. Aminin man niya o hindi, sa di nila sinasadyang pagkikita nang araw na iyon ay nabulabog ang kanyang puso at isipan. May atraso sa kanya ang lalaki. Isang atrasong pilit niyang ibinaon sa limot at wala na sana siyang balak singilin. Pero paano kung magkaroon kaya siya ng

pagkakataon?

Kitang-kita niya ang pagkagulat sa anyo ni Luis nang makilala siya. Alam niya, hindi nito inaasahang ganoon na ang hitsura niya sa kasalukuyan, napakalayo sa baduy na dalaga na tumira sa bahay nito noon.

Pumikit si Anna. Sa pagsasara ng mga mata, parang nakita niya ang mga tagpong pakiramdam niya ay kay tagal nang nakalipas....

Samantala, sa library ng malaking bahay ng mga Antiguas, ilang oras nang pinipilit ni Luis na ituon ang atensyon sa mga papeles na dapat basahin. Pero wala roon ang kanyang konsentrasyon. Tinatalo iyon ng tinig ng kanyang konsyensya. May kasalanan siya kay Anna. Bukod pa iyon sa naging pagtrato niya noong nakapisan pa ito sa kanila.

Naalala niya si Lola Mina at para siyang gininaw. Nasaan man ngayon ang kanyang lola, tiyak niya, hindi ito natutuwa sa kanya.

Totoo nga yata na ang kahapon, takasan man ay hahanapin at hahabulin ang isang taong may dapat panagutan....

1

Ang nakaraan....

Maagang-maagang bumangon si Luis. Marami siyang aasikasuhin sa araw na iyon sa kompanyang pag-aari ng lola niya na sa kanya na pinama-mahalaanan.

Matapos maligo at magbihis ay bumaba na siya para umalis. Balak nga niya ay hindi na mag-aalmusal. At saka na lang iyon kapag nakasilip siya ng pagkakataon.

“O, ang aga mo yata?” ani Lola Mina na nakasabay niya sa hagdanan.

Hinagkan ito sa pisngi ni Luis. “Marami pa ho kasi akong gagawin,” sagot niya.

“Halika’t kumain na. Palagay ko’y naihanda na ni Minyang ang agahan.”

“Huwag na ho’t nagmamadali ako,” tanggi niya.

“Ano bang ’wag na? Ikaw bata ka, sabi nang ang almusal ang pinakamahalagang pagkain sa buong araw, eh. Mas madali kang mauubusan ng lakas kapag di ka nag-agahan,” sita ni Lola Mina. Bata pa

ang apo nang mamatay ang mga magulang nito at sa kanya na ito lumaki kaya nasanay na siyang alagaan at alalahanin ito.

Hindi naman makatutol pa si Luis. Alam niyang kukulitin lang siya ng lola hanggang sa pumayag siya. May edad na si Lola Mina pero bakas pa rin ang katatagan ng pagkatao nito—katatagang naging dahilan para mapaunlad nito ang kompanyang katatatag pa lang nang iwan ito sa kanya ng asawa. Sa kalaunan, ang kompanya ay naipasa nito sa anak na si Dennis, ama ni Luis, ngunit muling naibalik sa matanda ang pamamahala nang atakihin sa puso ang anak kasunod ng pagkamatay sa isang aksidente ng kabiyaq na si Leila.

Sabay na nagpunta sa komedor ang maglola kung saan inabutan nilang nakahanda na ang mesa.

“Ano ba’ng ipinagmamadali mo, ha?” tanong ni Lola Mina habang inaabutan ng sinangag ang apo.

“May kakausapin ho akong mga kliyente.”Tapos, mamaya ay pupulungin ko ang ilang matataas na pinuno ng iba’t ibang division ng real estate company natin para alamin ang status ng iba’t ibang proyektong hawak nila,” paliwanag ni Luis.

“Masyado kang maraming inaako. You should

learn to delegate responsibilities, Hijo,” pangaral nito. “Hindi lang dapat sa trabaho matutok ang atensyon mo. Mag-enjoy ka naman paminsan-minsan.”

Natawa siya. “Nagsalita,” aniya. “Parang may natatandaan akong isang tao noon na hatinggabi na kung umuwi dahil sa trabaho,” pagpapaalala niya.

“Kailangan kasi noon. Nanganganib malubog ang kompanya dahil sa biglaang pagkamatay ng lolo mo. Hindi kagaya ngayon. Sumusulong naman ang negosyo pero kayod ka pa rin nang kayod. Para saan pa ang perang hinahakot mo kung hindi ka rin makakapag-relax paminsan-minsan?” katuwiran ng matanda. “Kaya tuloy hanggang ngayon ay wala ka pang asawa. Kanino mo ipapasa ang kompanyang pinaghihirapan mong palakihin kung wala kang anak?”

“Ang Lola talaga, nagmadali na naman. Bata pa ho ako. Tamang panahon lang ang hinihintay para mag-pasakal, este, magpakasal pala, ako.”

“Hmph! Kelan pa?” Napaismid ito. “Paano ka magkakaroon ng panahon kung pulos negosyo ang inaatupag mo?”

“Lola, I do socialize every now and then. Hindi nagbubuhay-mongha ’tong apo n’yo. Katunayan, ang

dami ngang chicks na naghahabol sa 'kin, ah.”

Umismid na naman ang matanda. “Mga anong klase naman? Mga sosyalerang saksakan ng tataas ang ere. Nahahawa ka na nga yata sa kanila. You’re becoming a snob.”

Humahaba ang usapan at nauuwi iyon sa hindi maganda kaya nakangiting iminuwestra ni Luis ang pinggang kinakainan ng kanyang lola. “Ang mabuti pa ho’y kumain na kayo,” putol niya sa kanilang diskusyon.

“Okay, okay. But I just want you to be happy. I want you to meet someone you can love. And I want her to be the right girl, with the right values in life.”

“Babae naman kayo, di ba? You love me and you have the right values in life. Wala na tayong problema,” aniya.

“Huwag mong daanin sa biro, Luisito. Gusto ko talagang makita kang lumagay sa tahimik.”

“In due time, Lola, in due time.”

“Ay, bahala ka na nga!” Sa wakas ay nagsawa na sa usapan nila si Lola Mina. “Sige, kain na.”

Masarap ang agahan ng maglola na sina Mina at Luis; may sinangag, hotdog, piniritong itlog at iba't ibang prutas na panghimagas. Napakalayo niyon sa almusal na inihahanda ni Anna para sa kanila ng Lola Sylvia niya.

Ang agahang paghahatian nila ay binubuo lang ng dalawang nilagang itlog, kamatis at kanin; kape para sa dalaga at tsokolateng inumin para sa matandang maysakit.

“Ba’t ang dami ng ibinigay mo sa ’kin? Wala ka na,” protesta ni Lola Sylvia nang dalhin ng apo ang tray sa kama na kinahihigaan nito. “Kape pa na walang gatas ’yang iniinom mo. Ba’t hindi tsokolate? Iyo na ’to.” Iminuwestra nito ang puswelo ng inuming tsokolate. “Nakakataba ’to, eh. Nagdidiyeta pa naman ako.” Sadyang mapagbiro si Lola Sylvia kaya kahit hinang-hina na ay nakukuha pang magpatawa.

“Ako rin ho, eh, kaya inyo na ’yan,” pakikisakay ni Anna na ikinaila sa matandang paubos na ang pulbos na inumin kaya tinitipid iyon at inilalaan na lang para rito.

Kagaya ni Luis, palaki si Anna ng kanyang lola dahil kaagad namatay ang ina niya. Ang ama naman ay ni hindi na nagpakita sa kanila mula nang magtrabaho ito sa ibang bansa.

Kung hindi na-stroke si Lola Sylvia, makakapag-tapos sana ng kolehiyo ang dalaga dahil scholar siya. Ang kaso, naratay ang matanda noong nasa ikaapat na taon na siya kaya nakakapanghinayang man, nahinto siya. Hindi na siya makapag-aral o makapagtrabaho dahil sa pag-aalaga sa matanda. Sa halip, pagdidisenyo at pananahi ng mga damit na ibinebenta niya sa mga kakilalang may puwesto sa mga palengke ang sinuungan niya.

“Magaganda sana ang mga estilo mo, Tita, kaya lang nagiging cheap ang dating dahil di ka marunong pumili ng tela, mga butones at kung anu-anong accessories! Hindi ko tuloy maibenta ng mas mahal,” reklamo ni Rodelle, isang kaibigan niyang bakla na may malaking puwesto sa Divisoria. “Pero di bale, puwede na rin naman ang mga ’to sa ibang suki ko.”

Pero hanggang saan lang ba aabot ang kinikita niya? Lalo na kung sinusustentuhan niya ang mga gamot at bitamina ng kanyang lola na ang iba ay saksakan ng mahal. Dagdag pa roon ang upa sa tinutuluyan nila at kung anu-ano pang gastusin.

“Bago ka magsimula sa trabaho’y kumain ka muna, ha? Baka ikaw naman ang magkasakit. Ay, ayokong mag-alaga ng maysakit. Hindi ako makakapag-ballroom dancing,” ani Lola Sylvia.

“Oho, Lola. Ang takot ko lang. Alam ko yatang uunahin n’yo pang atupagin ’yong guwapong dance instructor kesa alagaan ako,” ganti ni Anna.

Tumawa si Lola Sylvia pero mayamaya ay sumeryoso ito habang hinahaplos sa pisngi ang apo. “Napakabait mo, Anak. Sayang at minalas tayo nang ganito,” malungkot na sabi nito.

“Kuu! ’Wag na kayong mag-drama. Ang pagkain n’yo ang pagbutihin ninyo’t nang lumakas na kayo,” saway niya.

“Hindi na ako babalik sa dati kong lakas. Nararamdaman ko, sandali na lang ako,” anito sa tinig na kasing-seryoso ng anyo nito.

“Huwag nga ho kayong magsalita ng ganyan,” pakli niya.

“Hindi maiiwasan, Anak. Darating at darating ang pagkakataong iiwan na kita. Kaya nga may ipapakiusap ako sa ’yo at sana’y ipangako mong tutuparin mo ito. Mangako ka,” giit ni Lola Sylvia, sabay hawak nang mahigpit sa braso ng apo.

“Kung makakaya ko ho, eh, bakit hindi? Ano ho ba iyon?”

“Sa... sa sandaling mamatay ako, buksan mo ang

aking lumang baul. Tanda mo 'yon? Iyong baul na noong bata ka pa'y malimit mong pag-ambisyunang halungkatin?"

“Oho. At parati n’yo ’kong pinagagalitan.”

Napangiti sa alaalang iyon si Lola Sylvia bago itinuloy ang habilin. “May isang sulat doon. Para iyon sa isang matalik kong kaibigan noon. Nakasulat sa sobre ang address niya. Hanapin mo siya’t ibigay ang sulat ko.”

“Bakit ho?” naiintrigang usisa niya.

“Basta. Ipangako mong gagawin mo ’yon.”

“O-opo. Ipinangangako ko.”

Waring pagal na pagal, sumandal sa nakasalansang mga unan si Lola Sylvia. “Salamat. Sige, iwan mo na ako’t ikaw naman ang kumain,” anito.

Bantulot na lumabas ng maliit na silid si Anna. Bago tuluyang iwan ang lola ay tinapunan muna niya ito ng tingin ng pagtataka. Bihira itong magseryoso nang ganoon.

Lumipas ang umaga. Dahil abala sa mga tahiin, hindi napupuna ni Anna na hindi niya naririnig ang kanyang lola na karaniwan ay tinatawag siya para humingi ng tubig o kaya ay para magpatulong sa

pagpunta sa banyo.

Nang mag-inat ng nangalay na mga kalamnan ay saka lang siya nanibago sa katahimikan. Kinakabahan, dali-dali siyang tumayo at tinungo ang silid ng lola niya. Doon ay inabutan niya itong nakapikit.

“Lola... Lola Sylvia... gising muna kayo...” tawag niya habang tinatapik ito. Gusto niyang matiyak na maayos ang lagay nito. Hindi ito natinag. “Lola...?”

Nilakasan niya ang pagtapik dito. Mayamaya ay niyugyog na ito. Pero hindi talaga ito magising. “Lolaaa...!” sigaw niya.

Isinugod si Lola Sylvia sa ospital pero hindi na ito nagkaroon ng malay. Dalawang araw matapos itong manatili sa ICU, tuluyan na itong binawian ng buhay.

Sa nangyari, lalong nasaid ang pera ni Anna. Sa sumunod na araw pagkatapos ng libing, kinailangan niyang pag-ibayuhin ang sipag para makabayad sa pagkakautang niya sa pagpapaospital at pagpapalibing ng kanyang lola.

Para rin siyang nawalan ng direksyon. Sa mula’t mula kasi ay si Lola Sylvia ang naging gabay niya. Ito ang sandalan niya, ang sumusuporta sa kanyang mga desisyon at nagpapalakas ng loob niya.

Bakit Ikaw Pa? - Kayla Caliente

Isang gabi, natagpuan niya ang sariling nakaupo sa dilim. Sa labis na pag-iisip, hindi niya namalayang lumubog na pala ang araw.

Ang sulat! Napakislot siya nang pumasok ang mga katagang iyon sa isip niya na waring may nagbulong ng mga iyon sa kanyang tainga.

Bahagya siyang kinilabutan. Nagpaparamdam ba si Lola Sylvia para ipaalala ang tungkol sa sulat na nakaligtaan na niya?

Dali-dali siyang tumayo at pumasok sa dating silid ng lola. Lumuhod siya at hinugot sa ilalim ng kama ang lumang baul. Nangingimi niyang inangat ang takip niyon. Nang mabuksan iyon, ang sobrang may nakatatak na pangalan ang unang tumambad sa kanya. Kinuha niya iyon at tiningnang mabuti. Selyado ang sobre, natuklasan niya. Hindi niya puwedeng basahin ang liham.

Tinitigan niya ang pangalang nakatala sa sobre. Panahon na para tuparin niya ang pangakong binitawan sa kanyang lola.

2

Sa bawat sandaling magdaan, umaakyat ng ilang antas ang pag-aalinlangan ni Anna. Sa ikailang ulit, naitanong niya ang sarili kung ano ba ang kanyang ginagawa sa malaking bahay na iyon.

Nang sabihin ng katulong na nagbukas ng gate na ang taong hinahanap niya ay hindi namamasukan sa bahay na iyon kundi ito mismo ang may-ari, parang gusto siyang takasan ng lakas ng loob. Lalo pa siyang nanliit nang papasukin siya nito at makita niya ang mala-mansyong bahay na nasa sentro ng napakaluwang na bakuran.

Nang sandaling iyon, habang hinihintay na bumaba ang hinahanap na si Minarda Antiguas ay parang ibig na niyang tumayo at magtatakbo palabas. Mukhang nagka-mali siya ng pinuntahan. Ang sabi ni Lola Sylvia, dati nitong kaibigan ang taong pagbibigyan ng sulat. Paano naman magiging kaibigan ni Lola Sylvia ang isang taong ganoon kayaman?

Bunsod ng agam-agam, napatayo siya at akmang aalis na nang may magsalita.

“Ano’ng kailangan mo, Hija?”

Napatingin siya sa gawi ng hagdan. May pababa na isang matanda na maski halatang may edad na ay elegante pa rin ang pagdadala sa sarili.

“A-a-ano ho... uhm... w-wala ’ata. A-akala ko lang kasi pero... m-mali yata....” nagkakandabulul-bulol niyang sabi.

“Huminga ka nang malalim, Hija, at magsimula ulit. Huwag kang mataranta. Hindi naman ako kumakain ng tao,” ani Lola Mina habang bumababa sa maluwang na hagdanang yari sa pinakintab na kahoy. “Ano nga pala’ng pangalan mo?”

“A-Anna po.”

“Maupo ka, Anna.”

“Ngayon, ano’ng maipaglilingkod ’ko sa ’yo?” tanong nito nang masunod ng dalaga ang sinabi nito.

Mukhang mabait naman ang matanda kaya bumalik nang kaunti ang lakas ng loob niya. “H-hindi ko po alam kung paano sisimulan.”

“Umpisahan mo sa kung ano ang pakay mo sa pagparito.” Umupo ito sa silyang katabi ng sofa at minasdan ang kaharap.

“G-ganito ho kasi. N-namatay ang lola ko pero bago nangyari iyon, may inihabilin siyang sulat. Ibigay ko raw po ’yon sa isang nagngangalang Minarda Antiguas sa sandaling mamatay siya. Nakalagay din sa sobre ang address. Dito nga ’yon.”

“Sino ang lola mo?”

“Si Sylvia Esguerra po.” Sinabi rin ni Anna kung saang bayan nanggaling ang lola niya.

Bahagyang nabahala ang anyo ni Lola Mina bago ito saglit na napatingin sa malayo. Hindi nito puwedeng makalimutan ang pangalang iyon. “Saan kayo nakatira rito ng lola mo?” pagkuwa’y tanong nito.

“Sa may Sta. Ana po.”

“Matagal na kayo sa Maynila?”

“Opo. Maliit pa po ako’y doon na kami nakatira.”

“Ba’t ngayon mo lang ako sinadya?”

“Hindi ko naman po alam na kilala kayo ng lola ko. Gaya ng nasabi ko, noon lang bago mamatay si Lola Sylvia’y saka niya nabanggit ang tungkol sa inyo.”

“Kailan pa siya namatay?”

“Magtatatlong buwan na po. Pero kung kelan ko lang naalala ang tungkol sa sulat.”

Natahimik si Lola Mina, napayuko. Mayamaya ay pinunasan nito ang ilang butil ng luhanang bumalong sa mga mata. “Ang sinasabi mong sulat, nasaan na?” tanong nito.

Binuksan ni Anna ang bag niya, inilabas ang liham at iniabot iyon sa matanda.

Matapos iyong basahin ni Lola Mina ay natahimik ito ng mahaba-habang sandali. “May ideya ka ba kung ano ang laman ng liham?” pagkuwa’y tanong nito.

Umiling siya. “Wala naman hong nabanggit sa ’kin si Lola Sylvia. Selyado na rin ho ang sobre nang makita ko’t ayaw ko nang buksan,” paliwanag niya.

“Hindi sa pinagdududahan kita pero di ba mas maganda kung makatitiyak tayo ng isandaang porsyento? Uhm... may maipapakita ka bang prueba na magpapa-totoong ang lola mo’t ang dating kong kaibigan ay iisa?”

“A-ano hong prueba?”

“Mga papeles o larawan kaya.”

“May mga litrato kami pero nasa bahay ho lahat ang mga iyon.”

“Walang problema. Pasasamahan kita sa driver ko para kunin ang mga ’yon.”

“Sige ho.”

“Teka, magmerienda ka muna.”

“Naku, ’wag na ho’t busog pa naman ako. Salamat na lang.”

Tumayo na si Anna at akmang pupunta na sa may pintuan nang biglang bumukas iyon. Napamaang siya nang makita ang lalaking pumasok. Pakiwari niya ay nakamalas siya ng obra maestra na isang magaling na iskultor.

Matikas na matikas ang pangangatawan ng lalaki. Kahit na hindi hapit ang suot nitong polo at pantalon, bahagya pa ring bumabakat doon ang matitigas nitong kalamnan. Kantu-kanto naman ang mukha nito at kababanaagan ng matatag na paninindigan. Sa madaling salita, hindi man ito masasabing guwapo ay malakas ang dating ng personalidad nito.

“May bisita pala kayo, Lola,” bati ni Luis.

Pati boses niya, lalaking-lalaki, sa loob-loob ni Anna nang marinig ang malalim na tinig ng bagong dating.

“Oo, Hijo. Siya si Anna. Anna, ito ang apo ko, si

Luis,” pagpapakilala ng matanda sa dalawa. “Hijo, mabuti’t nandito ka na. Balak ko kanina’y ipapahatid ko si Anna kay Mang Efren para kunin ang ilang bagay sa bahay nila. Pero mas mabuti yata kung ikaw na ang sumama sa kanya.”

“Bakit ho?” gulat na tanong ng lalaki.

“Importante kasi. Kung puwede nga’y ako na mismo ang sasama pero sumusumpong ang arthritis ko.”

Ayaw sana ni Luis. Pagod na pagod siya sa maghapong pagtatrabaho at gusto na lang ay humilata sa kama. Pero nagdududa siya sa bisitang dalaga ng lola niya, na kung ang ayos ang pagbabasehan ay mukhang humihingi ng tulong. Kilala na niya si Lola Mina. Sadyang malambot ang puso nito at madaling maloko pagdating sa kawanggawa.

“Sige ho.” Naipasya niyang mas mainam ngang siya ang makipag-usap sa dalaga. “Ano ho ba’ng kailangan niya sa inyo?” tanong niya.

“Mamaya ko na sasabihin. Sige na’t lumakad na kayo,” utos ni Lola Mina.

“Ano’ng kailangan mo kay lola?” Pagsakay na

pagsakay nila sa kotse ay sinimulan na ni Luis ang interogasyon kay Anna.

“May ibinigay akong sulat sa kanya.”

“Sulat para saan? Charity work na naman? For your information, Miss, ang dami-dami nang sinu-sustentuhang charity projects ng lola ko. Para saan ba ’yong sulat?”

“E-ewan. Hindi ko alam,” naguguluhan niyang tugon. “Ipinabigay lang ’yon ng lola ko.”

“Saan bang organisasyon konektado ang lola mo?”

“Wala. Patay na siya.”

Habang nag-uusap sila, tumitindi ang pagdududa ni Luis sa motibo ng dalaga. Hindi nga ba at kung anu-anong kuwento na ang narinig niya sa mga nagnanais na makaamot ng salapi sa lola niya? Hindi ba at kung ilang ulit na itong naloko?

“Huling habilin niya sa ’kin na ibigay sa lola mo ang sulat. Ngayon, eh, may hinihinging mga prueba ang lola mo. Nasa bahay ang mga ’yon. Kukunin ko’t ipapadala sa ’yo,” sabi ni Anna na pakiramdam ay kailangan niyang patunayan ang pagkatao sa lalaki.

“Anong mga prueba?” tanong nito.

“Litrato... mga papeles.... Kung puwede lang sana, kapag tapos na kayo sa mga iyo’y pakibalik lang sa ’kin. Iyon na lang ang natitira kong mga alaala ni Lola,” dagdag niya.

“How dramatic!” sarkastikong sabi ni Luis. Pagkuwa’y tumahimik na ito. *I smell something fishy*, sa loob-loob nito.

Hindi na rin kumibo si Anna. Kagat-kagat niya ang labi para huwag makapagsalita ng hindi dapat. Sa pakiramdam niya ay hindi siya pinagkakatiwalaan gayong wala naman siyang masamang hangarin.

“Lumiko ka sa susunod na kanto. Iyong lumang bahay ang tinitirhan ko,” sabi niya nang malapit na sila sa tinutuluyan.

Paghinto ng sasakyan, laking gulat niya nang makitang nasa bangketa ang ilang mga gamit niya at nasasarhan ng matabang padlock ang inuupahang bahay. Dagli siyang bumaba.

“Naku, mabuti’t dumating ka na!” bungad ng kapitbahay nilang nakasilip sa bintana. “Nagpunta kanina si Mrs. Fuentes, may kasamang sheriff. Matagal ka na raw hindi nagbabayad kaya pinatalsik ka. Nandito ang ibang gamit mo.”

Ang pagkagulat ni Anna ay napalitan ng pagka-

dismaya. Hindi niya akalaing aabot sa ganoon ang kanyang sitwasyon.

Sa nakitang estado ng kabuhayan ng dalaga, lalo namang lumalim ang pagdududa ni Luis sa motibo niya.

“Itinabi ko rito ang ilang mga gamit mo. Baka madampot pa sa labas, eh. Pero may mga naiwan pa sa labas,” anang kapitbahay.

“Salamat, Aling Mila.”

Nang mapatingin sa gawi ng sasakyan ay naalala ni Anna si Luis at ang dahilan kung bakit nandoon ito.

Pumasok siya sa bahay ni Aling Mila. Nagkukumahog na kinalkal niya ang nakasalansang mga kagamitan. Nahihiya siyang naging saksi pa ang lalaki sa nakakapanliit na kabanatang iyon ng buhay niya.

Pero kahit ano ang gawin niyang bungkal, hindi niya matagpuan ang kahon na kinalalagyan ng photo albums at envelope ng mga papeles nilang maglola. Maski ang antigong baul ay nawawala.

Natataranta, lumabas siya at ang mga gamit naman doon ang hinalughog. Wala talaga.

“May problema?” tanong ni Luis na lumapit sa

kanya.

“Iyong... iyong mga hinihingi ng lola mo sa ’kin, nawawala,” maiyak-iyak na bulalas niya.

Tumalas naman ang pagkakatitig sa kanya ng lalaki. Isa lang ang iniisip nito: Hindi nawawala ang mga prueba; wala talagang maipapakitang patunay si Anna. Kumbaga, kasama sa drama nito ang tagpong nagaganap ngayon sa harap nito.

“Napakamalas mo naman. Sabay-sabay pang nawala ang mga ’yon,” sarkastiko nitong sabi.

“Nasa lola mo na ang sulat at pakiramdam ko’y nagawa ko na ang tungkulin ko. Puwedeng huwag nang magtagpo pa ang landas natin mula sa araw na ito, Mr. Antiguas. Ewan ko sa ’yo pero kung hindi na kita makita kailanma’y ikatutuwa ko ’yon,” nagpupuyos niyang sabi at saka ito iniwan sa bangketa.

Iiling-iling namang naglakad si Luis pabalik sa sasakyan. *Kung ayaw mong magkita pa tayo, lalo naman ako,* sa loob-loob nito dahil tingin talaga nito kay Anna ay isang manlolokong naghahangad mapagsamantalahan ang kabaitan ni Lola Mina.

3

Gusto nang magwala ni Luis pero sa kabila ng matinding pagpupuyos ng kalooban ay pilit niyang pinalumanay ang tinig. Lola niya ang kausap at pinalaki siyang marunong gumalang sa matatanda.

“Kahit minsan, hindi ko pinanghimasukan ang mga desisyon n’yo, lalo na pagdating sa pera. Tatal, inyo ’yon kaya kayo ang may karapatang magpasya kung paano gugugulin. Pero sa pagkakataong ’to, isang napakalaking pagkakamali yata ang gagawin n’yo,” sabi niya.

“Hindi ito pagkakamali, Hijo,” sabi ni Lola Mina. “May malaki akong utang na loob sa lola niya.” *At may mga bagay na dapat kong pagbayaran, dagdag nito sa sarili.*

Natahimik ito nang manariwa sa alaala ang dating kaibigan....

Hindi magkandatuto sa katatawa sina Sylvia at Mina. Palibhasa ay mga bata pa sila noon na walang problema sa mundo, madalas ay kapilyahan ang inaatupag. Hayun nga at naghahagikgikan sila dahil

nabola nila ang mayabang na manliligaw ni Mina na manguha ng mga ligaw na bulaklak sa tumana. Dahil laking-Maynila, may pagkalampa ang binata. Nalaglag pa tuloy ito sa putikan sa pangunguha ng bulaklak.

“Ang yabang kasi. Ibibigay daw ang langit, pati na buwan at bituin, sagutin mo lang siya. Iyon pala, bulaklak lang, madidisgrasya pa,” sabi ni Sylvia.

Namula na naman sila at napabunghalit ng tawa.

“Hindi siya kagaya ni Antonio, ano? Likas na makisig pero hindi mayabang,” turan niya.

“Aba, talaga! Kaya nga siya ang balak kong sagutin sa mga manliligaw ko.” May bahid ng pagmamalaki sa tinig nito.

“Nanliligaw siya sa ’yo?” Nagulat si Mina. Hindi niya alam iyon.

Ngiting-ngiti si Sylvia nang tumango. “Hindi ko pa pala naikukuwento sa ’yo. Noong isang araw lang kasi siya nagtapat. Hindi ko rin nga akalain,” anito.

Hindi nakakibo si Mina. Nalungkot siya sa ideyang ang lalaking lihim niyang itinatangi ay magiging nobyo na pala ng matalik na kaibigan....

“Pero, lola, wala tayong kaalam-alam sa Anna na ’yan. Malay ba natin kung isa siyang con artist. O miyembro ng sindikato kaya. Tingnan n’yo nga’t halatang-halatang manloloko siya. Ni wala siyang maipakitang prueba na totoo ang sinasabi niya.”

Naputol ang eksenang naglalaro sa imahinasyon ni Lola Mina nang ibalik ito sa pangkasalukuyan ng tinig ng apo. Ilang saglit ang kinailangan ng matanda para maalala kung ano nga ba ang pinag-uusapan nila. “M-magtiwala ka sa ’kin, Hijo. Nadarama ko rito,” sabi nito at itinuro nito ang dibdib, “nagsasabi siya ng totoo. Isa pa, paano mo maipapaliwanag ang sulat na dala niya?”

“Ang dali naman hong mag-imbento.”

“Hindi. May mga bagay na nakasaad doon na kami lang ng kaibigan kong si Sylvia ang nakakaalam.”

“Ano ho ba ’yon? Ba’t ayaw n’yong sabihin sa ’kin?”

Umiling si Lola Mina. “Saka na lang, Hijo.”

Napahugot ng hininga si Luis. Mukhang nakapag-pasya na ang matanda at kapag ganoong buo na ang isip nito ay wala na siyang magagawa. “Ano ho’ng balak n’yo ngayon?” tanong niya.

“Gaya ng sinabi ko, tutulungan ko siyang iangat ang kanyang sarili. Saan nga ba siya nakatira? Maski pinaalis na siya doon, siguradong alam n’ung kapitbahay kung saan siya tumutuloy. Ibigay mo sa ’kin ang address o kung paano makakarating doon. Ipapasundo ko siya kay Mang Efren.”

Naiinis na napakamot siya ng ulo. Hindi niya nagugustuhan ang takbo ng mga pangyayari. Dudang-duda talaga siya sa kara ni Anna. Mukhang magaling itong magpaikot ng mga tao kung ang pagbabasehan ay ang reaksyon dito ni Lola Mina.

“Ano ho?” Napahumindig si Anna nang sabihin ni Lola Mina ang pakay sa pagpapasundo sa kanya. Kasalukuyan silang nakaupo noon sa sala, kaharap ang meriendang ensaymada at soft drinks na nakalatag sa mesita. Pansamantala ay kina Aling Mila siya nakikituloy kaya madali siyang natunton ni Mang Efren.

“Kung malalaman mo kung gaano kami kalapit ng lola mo noon, hindi ka magugulat sa suhestyon ko,” sabi nito.

“Pero... pero hindi ho ako puwedeng tumira dito.”

“Maski pansamantala lang. Gusto ko kasi’y magabayan kita nang husto sa panimula ng bago mong buhay. Hindi sapat sa ’king bigyan lang kita ng pera. Sa tingin ko, di lang naman sa pinansyal na aspeto dapat umangat ang isang tao.”

“Mawalang-galang na po pero kahit ano’ng gawin n’yo, hinding-hindi rin ako tatanggap ng pera galing sa inyo,” bulalas ni Anna na lalong napahumindig sa narinig.

“Kung gayon, hindi mo pala ako bibigyan ng pagkakataong sundin ang huling habilin sa ’kin ng pinakamatalik kong kaibigan,” malungkot na turan ni Lola Mina.

“Ano ho’ng ibig n’yong sabihin?”

“Ayon sa sulat na iniwan sa ’kin ng Lola Sylvia mo, kung matatanggap ko raw ang liham na iyon, nangangahulugan lang na nasa gipit na pangangailangan ang isang taong pinakamamahal niya. Kung nasa estado raw akong matulungan ito ay gawin ko ’yon at maski nasa kabilang buhay na siya’y tatanawin niya iyong malaking utang na loob.” Saglit na natigil sa pagsasalita si Lola Mina nang mabasag ang tinig nito. Ilang ulit itong huminga nang malalim para mapalis ang paninikip ng kalooban.

“Noong kabataan namin, para nang magkapatid ang turingan namin ng lola mo,” patuloy nito. “Marami na kaming pinagsamahan. Huwag mo sanang ipagkait sa ’kin ang pagkakataong suklian ko ang pagtulong niya sa ’kin noon.” *At huwag mo ’kong alisan ng pagkakataong bayaran ang naging atraso ko sa kanya*, tahimik nitong dagdag sa isip.

Hinawakan siya nito sa braso. “Hindi na iba ang turing ko sa ’yo, Hija. Sana’y maintindihan mo ako.”

“M-maintindihan n’yo rin ho sana ako. Pinalaki ako ni Lola Sylvia sa kaugaliang hindi dapat umasa sa iba para maiangat ang sarili. Ang sabi niya, nasa loob ng bawat tao ang kakayahang mapabuti ang anumang kalagayan niya sa buhay. Sipag, tiyaga’t determinasyon lang ang kailangan. Pakiramdam ko ho’y di siya matatahimik kapag tinalikdan ko ang paalala niyang iyon.”

“Napakahirap mo palang tulungan, Hija,” napapa-iling na turan ni Lola Mina. “Pero naisip mo ba na maski sa huling sandali ng buhay ng lola mo, kapakanan mo pa rin ang nasa isip niya kaya niya ginawa ang sulat at mahigpit na ibinilin sa ’yong tuntunin mo ako para ibigay iyon? Nagawa niya iyon dahil di na rin iba ang turing niya sa ’kin. Para mo na rin akong kamag-anak at malulungkot ako kung

wala akong magagawa para sa 'yo.”

Nakakaloka ang sitwasyon! Sa isang banda, hulog ng langit ang alok ng matanda dahil sa puntong iyon ay walang matutuluyan si Anna; wala siyang pera at hindi pa alam kung ano ang gagawin sa buhay niya. Pero hindi talaga siya sanay na basta na lang tumanggap ng kabutihang-loob ng iba, lalo at hindi niya ito kakilala. At paano si Luis na alam niyang napakalaki ng duda sa kanya?

“P-pero ang apo n’yo....” simula niya. “H-hindi niya magugustuhan—”

“Ako ang bahalang magpaliwanag ng sitwasyon kay Luis,” putol nito. “Ang ipapakiusap ko lang ay bigyan mo siya ng pagkakataong maintindihan ang lahat. Masyado kasing maraming inaalala ang batang ’yon. Pati mga hindi na dapat alalahanin ay pinoproblema pa. Ano, Hija, payag ka na ba?” Matamang tinitigan ni Lola Mina ang kaharap.

Hindi pa rin makasagot si Anna.

“Nakikiusap ako, Hija.”

Medyo nahiya na siya dahil siya na itong inaalok ng tulong, siya pa itong kailangang pilitin. Pakiramdam niya, ang taas naman ng kanyang ere kung patuloy siyang tatanggi. “Sige po... k-kung iyon

ang gusto n'yo, eh," sa wakas ay sagot niya.

"Mabuti. Ipapakuha ko na lang ang gamit mo kay Efren," nakangiting sabi ni Lola Mina.

Umangat nang todo ang dugo sa ugat ni Luis nang tawagan siya ni Lola Mina para ipaalam ang mga pangyayari.

"Bakit di n'yo na lang bigyan ng sustento kung talagang ayaw n'yong paawat sa pagtulong sa kanya?"

"Hindi mo 'ko naiintindihan, Hijo. Hindi lang pinansyal na tulong ang nais kong ipagkaloob sa kanya. I want to expand her horizons para kung dumating ang panahong kaya na niyang mamuhay mag-isa ay magagamit niya ang mga bago niyang karanasan."

"Nag-aalala ako, Lola. Baka kapahamakan ang abutin n'yo sa ginagawa n'yong 'yan."

"Don't worry, Hijo. I can handle this. Para namang hindi mo pa 'ko kilala."

Hindi makasagot si Luis. Nang mga sandaling iyon, wala siyang maisip kundi naisahan sila ng mahaderang dalaga. Ano ba ang ipinakain nito sa lola niya at ganoon na lang ang pagmamalasakit ng

matanda rito?

May sinasabi pa si Lola Mina pero hindi na niya maintindihan ang mga iyon. Abala na siya sa pagbuo ng plano kung paano mapapalayas si Anna sa buhay nila.